

CATHOLIC KYOTO DIOCESE

Catholic Chancery Office
Kawaramachi Sanjo Agaru
Nakagyo-ku, KYOTO,
604-8006 JAPAN
TEL: -81-75-211-3025
FAX: -81-75-211-3041

カトリック京都司教区
〒604-8006
京都市中京区河原町三条上ル
TEL:(075)211-3025
FAX:(075)211-3041
e-mail:curia@kyoto.catholic.jp

Kyo.Prot.N.89/2020

New Coronavirus Pandemic Bulletin, No. 8

Paghihigpit sa mga Misa at Ibang Pagtitipon Sa Pasko at Bagong Taon

Para sa aking mga kapatid sa Diyosesis ng Kyoto:

Ang Diyosesis ng Kyoto ay muling sinimulan ang mga gawain sa simbahan kagaya ng Misa mula noong Oktubre 1, pero ngayon ay panahon upang pagplanuhan ang mga gawain sa parokya para sa nalalapit na Pasko at Bagong Taon.

Taon-taon ay maraming bisita ang dumadalo at nakikiisa sa mga Misa para sa Pasko at Bagong Taon, at ito ay nagiging pagkakataon para sa ebanghelisasyon. Subalit, ngayong taon bilang dagdag sa mga gabay sa bulletin 7, ang mga sumusunod na apat na hakbang ay dapat sundin para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon. Mangyaring gumawa ng sapat na hakbang na naaayon sa laki at kalagayan ng parokya para maiwasan ang pagsisiksikan at mahinang bentilasyon.

1. Pagpapatawad sa obligasyon sa pakikiisa sa Misa at mga pistang pinangingilinan.

Bilang dagdag sa Araw ng Diyos (Linggo), ang bawat isa sa diyosesis ay pinapatawad sa obligasyon sa pakikiisa sa Misa sa mga mahahalagang araw na pagdiriwang: Ang Kapanganakan ng ating Diyos at ang Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos.

2. Paunang abiso sa publiko

Mangyaring gamitin ang bulletin board ng parokya, homepage, atbp. sa lalong madaling panahon para ipaalam sa publiko na lilimitahan ang hahayaang makadalo sa mga Misa para sa Pasko at Bagong Taon bilang hakbang laban sa inpeksyon ng Covid.

Iwasan rin natin ang pagsasagawa ng mga pagdiriwang gaya ng Christmas concerts para sa publiko.

3. Paglimita sa dami ng pwedeng makiisa sa Misa

May mga paraan para malimitahan ang dami ng dumadalo sa Misa para sa tao na maagang magparehistro. Mangyaring isaalang-alang ang paggamit nito sa bawat parokya.

Ako ay muling humihiling na iwasan ang maghanap ng madadaluhang Misa liban sa parokya na kinabibilangan ninyo.

Mangyaring huwag magdaos ng mga pagdiriwang na may kasamang kainan at inuman.

4. Ilang pagbabago

Ang mga upuan sa simbahan ay dapat may pagitan na hindi bababa sa 1 metro, pero mas mabuti na 2 metro ang layo ng bawat isa.

Ang mga miyembro ng pamilya na kasalukuyang naninirahan na magkakasama ay maaaring makaupong magkakasama.

✉ Paul Yoshinao Otsuka
Bishop of Kyoto
October 23, 2020